# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 42 BILANG 3 — BASAHIN AT TALAKAYIN — MARSO 2022


EDITORYAL

## Pulang pagpupugay sa BHB, tunay at tanging tagapagtanggol ng sambayanan!

Habang papalapit ang katapusan ng termino ng kanyang pasistang paghahari, lalo lamang bumabangis ang mala-halimaw na paninibasib ng pasista-teroristang rehimeng US-Duterte sa sambayanang Pilipino. Kaliwa't kanan ang ginagawang pagsimot nito sa lahat ng natitira pang yaman ng bansa at mapipiga mula sa sambayanan. Nauulol at lubusan nang nahaling ito sa paggamit ng mga sandatang panindak at pamatay na kaloob ng amo niyang mga imperyalista. Sa harap ng panganib, sino ang mangangahas na harapin ang pasista at teroristang gubyerno na banta sa buhay at kabuhayan ng masang Pilipino? Sino ang magtatanggol sa bayang kinukubabawan at inaatake ng mga bayarang reaksyunaryo at teroristang AFP-PNP at *private armies* ng mga gahaman?

Iisa lang ang kasalukuyang tumutugon sa dakilang hamon na labanan nang ngipin-sa-ngipin ang kaaway ng sambayanan. Ito ang Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ang BHB ang pangunahing sandata ng mamamayang Pilipino upang durugin ang salot na imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Absoluto itong pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas at matatag na nagsusulong ng armadong pakikibaka sang-ayon sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Binubuo ang BHB ng magigiting na mandirigma at kumander na ibinoluntaryo ang mga sarili para paglingkuran ang sambayanan. Hindi naghahangad ng anumang kabayaran at handang mag-alay ng kanilang buhay alang-alang sa sambayanan.

Ngayong buwan ng Marso, militanteng nagbubunyi ang buong bayan para ipagdiwang ang ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag ng BHB noong Marso 29, 1969. Sa mga sonang gerilya, iwinawagayway ng mga magsasaka, katutubo, kababaihan at kabataan ang Pulang bandila ng BHB. Punumpuno naman ng inspirasyon ang mga manggagawa at mga pambansa-demokratikong pwersa sa kalunsuran na naglulunsad ng mga lihim na pagdiriwang. Nagpugay sila sa lahat ng Pulang kumander at mga mandirigma. Binigyan ng pinakamataas na pagpaparangal at pagkilala ang



# KALATAS

Marso 2022

TOMO 42 BILANG 3


NILALAMAN


1 Pulang pagpupugay sa BHB, tunay at tanging tagapagtanggol ng sambayanan!

3 Balitang TO: 2 patay, 2 sugatan sa ambus ng NAAC-BHB Rizal sa 80th IBPA

4 Isulong ang CASER, kamtin ang hustisyang panlipunan at iangat ang pamumuhay ng mamamayang Pilipino

6 Kabiyak, kapamilya, kasama sa pakikibaka

8 Tugon ni PdG: Ano ang PTC at CAF? Paano ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang mga ito?

10 #NeverAgain: Ang paglakas ng armadong pakikibaka at pagbagsak ng diktadura

12 Final push ng rehimeng Duterte laban sa BHB, bigo!

13 Mamamayan at BHB-TK, determinadong nagsusulong ng digmang bayan

14 Internasyunal: Ang papel ng US sa likod ng pumutok na gera sa Ukraine

15 16 aktibista, biktima ng panibagong crackdown ng AFP-PNP sa TK

16 Pulang Saludo: Mga Martir sa TK sa panahon ng Pasistang RUSD

16 Kultura: Kayo pa ang terorista?



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


sakripisyo ng mga rebolusyonaryong martir na nagbuwis ng kanilang buhay para sa masang api. Ramdam sa mga alay na awit, tula at pagsaludo ang marubdob nilang pagmamahal sa BHB!

Kahanga-hanga ang BHB sa matatag na paglaban nito sa hayok-sa-gerang rehimeng Duterte at mga pasistang galamay nito. Mula nang arbitraryo at makaisang-panig na tapusin ng GRP ang *peace talks* sa NDFP noong 2017, ipinatupad niya ang EO 70, MO 32, Anti-Terrorism Act at iba pang pakana laban sa rebolusyonaryong kilusan. Pinarami ang tauhan ng AFP-PNP at pinabagsik ang mga operasyong militar at saywar. Habang nangangayupapa ito sa mga imperyalista, patuloy na ibinaon ang bansa sa utang sa ngalan ng AFP *modernization program*. Nag-ipon ito ng mga helikopter, eroplano, tangke, mga gamit sa *cyber warfare* at iba pang tinaguriang *"game-changer"* sa hibang na pangarap na wakasan diumano ang kilusang komunista. Tiniyak ng rehimen na mainstitusyunalisa ang mga programa sa anti-komunistang pagtugis upang madali itong maipagpatuloy ng kanyang magiging tagapagmana.

Pinanghahawakan ng Bagong Hukbong Bayan sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan ang makauring kamulatan, prinsipyo at disiplina. Tinatanganan nito ang mga makataong batas ng digmaan at kinikilala ang pandaigdigang karapatang pantao sa gitna ng mga armadong tunggalian. Kabaligtaran nito ang maruming gerang isinusulong ng reaksyunaryo at pasistang gubyernong Duterte at mga galamay na AFP-PNP at iba pang ahensya nito. Kabi-kabila ang mga paglabag ng mga pasista sa batas ng digma at walang pakundangan ang paninibasib nang hindi na kinikilala at pinag-iiba ang mga mga biktima ng mga atake sa lupa, karagatan at himpapawid. Tamaan ang tatamaan, walang sinisino. Para sa mga reaksyunaryo, lahat ng masa ay kalaban kaya walang patumangga kung hatawin ng karahasan at wasakin ang mga komunidad sa walang habas na pambobomba mula sa ere. Sa mapagpasyang pagpapatupad ng kinakailangang hakbangin, nagawa ng BHB na ipagtanggol ang mamamayan at biguin ang imbing pakana ng rehimen na wakasan ang armadong paglaban.

Nanggagalaiti ang mga ultra-Kanang heneral at ang inutil na NTF-ELCAC sa di matalo-talong hukbong bayan na ilang beses nang tinakdaan ng rehimeng Duterte at AFP ng dedlayn ng pagkalipol. Bahagi ng desperasyon nito ang pagkakalat ng kasinungalingan, pekeng balita at disimpormasyon upang palabasing humihina ang BHB. Nag-iimbento ito ng mga balita at kaganapan para bigyang-katwiran ang pagtaguri sa BHB at mga komunista bilang mga terorista.

Sa kabila nito, patuloy na sumusulong ang rebolusyonaryong gawain ng BHB sa higit 100 sona at larangang gerilya na nakalatag sa 91% ng mga probinsya. Napakalayo na ng narating ng BHB mula sa pinagsibulang 65 kasapi na mayroong 35 armas at 9 ripleng awtomatik. Panandang-bato sa kasaysayan ng Hukbo ang pagpapawalang-saysay sa mga kontra-insurhensyang programa ng mga nagdaang papet na rehimen: Oplan Cadena de Amor; Oplan Katatagan; Oplan Lambat Bitag I, II, III at IV; Oplan Makabayan; Oplan Bantay Laya; Oplan Bayanihan; at DSSP Kapayapaan. Tulad ng mga kontra-insurhensyang programa sa nakaraan, kabiguan ang sasapitin at sa basurahan din ng kasaysayan pupulutin ang kontra-rebolusyonaryong JCP Kapanatagan ni Duterte.

Sa Timog Katagalugan (TK), magiting nitong hinarap ang iba't ibang malulupit na kampanya ng panunupil at paglipol sa ilalim ng magkasunod na rehimeng US-Estrada at US-Macapagal-Arroyo kung saan itinakda ang buong rehiyon sa unahan ng pambansang prayoridad ng pagdurog. Ngunit pawang nangabigo ang mga pasistang rehimen sa kanilang layunin na durugin at tuluyang lipulin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Magiting na hinarap at nilabanan ng Bagong Hukbong Bayan at ng mamamayan ng TK ang lahat ng mga atake sa matatag na pamumuno

ng Komiteng Rehiyon ng Partido ang malulupit na hagupit ng Joint Task Force Banahaw, Oplan Habol-Tamaraw sa ilalim ng berdugong si Palparan at ORBON Doctrine.

Mauupos na lang ang mga reaksyunaryo't pasista sa pangangarap na madudurog nila ang BHB at rebolusyonaryong kilusan. Imposible itong mangyari hangga't umiiral ang isang bulok na lipunan. Isinilang ang BHB bunga ng kapasyahan ng masang anakpawis na lumaban para baguhin ang sistemang panlipunan na nagsadlak sa mamamayan sa malubhang kaapihan at kahirapan. Sa pamamagitan ng digmang bayan, ibabagsak ang paghahari ng mga panginoong maylupa-malalaking burgesya kumprador at wawakasan ang pagkubabaw ng imperyalismong US upang maitatag ang tunay na demokratiko at malayang Pilipinas.

Ngunit hindi ito matutupad sa mapayapang pamamaraan lamang. Kapos ang mga reporma at pakikipaggitgitan sa parlamento na kontrolado ng mga PML-MBK, kaya't sa esensya, walang magiging pagbabago kahit magpalit-palit pa ang mga pinuno ng bansa sa pamamagitan ng reaksyunaryong eleksyon.

Ang dustang kalagayan ng Pilipinas ang nagtakda ng kawastuhan ng pagsusulong ng digmang bayan. Kailangang gamitin ang rebolusyonaryong dahas upang bawiin ang mga kinakamkam na lupa, dinadambong na yaman at ang pampulitikang kapangyarihang pinagpapasasaan ng mga ganid at gahaman. Sa tindi ng pasistang pananalakay ng rehimeng Duterte, higit na nagiging makatwiran ang armadong paglaban.

Sa 53 taong pagpupunyagi ng BHB, dumadagundong ang panawagang, *Digmang Bayan, Sagot sa Kahirapan!* Sa TK, nakaukit ang mga tagumpay ng BHB at masang anakpawis. Daang libong ektarya ng lupang sinasaklaw ng rebolusyong agraryo ang ngayo'y pinagkukunan ng kabuhayan ng daanlibong mamamayan. Nakamit din sa tulong ng BHB ang pagpapataas sa presyo ng produktong bukid, pagbaligtad sa madadayang partihan ng ani, pagtataas sa sahod ng manggagawang bukid at pagpawi sa usura sa kanayunan. Ikinalugod ng mga magsasaka ng Quezon, Batangas, Rizal, Laguna, Palawan at Mindoro ang mga aksyong militar ng BHB upang nyutralisahin at pagbayarin ang mga despotikong PML at armadong tauhan ng mga ito.

BHB rin ang kasangga sa pagtutol sa mga mapaminsalang proyektong bahagi ng imperyalistang agresyon sa rehiyon tulad ng multi-bilyong Kaliwa Dam at malalaking minahan sa Palawan. Ikinatuwa ng mamamayan ang mga taktikal na opensibang nagparalisa sa mga proyektong ito tulad ng pagsira sa mga kagamitang pang-operasyon at mga punitibong aksyon laban sa mga armadong maton at sundalong upahan ng mga kapitalista. Pati mga grupong maka-kalikasan ay nagpapasalamat sa pagtatanggol at pangangalaga ng BHB sa kapaligiran.

Sa panahon ni Duterte, ipinagbunyi ang matutunog na opensiba ng BHB-TK laban sa teroristang AFP-PNP. Isa rito ang pag-ambus ng BHB-Mindoro sa pinagsanib na 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA noong Mayo 28, 2021 sa Magsaysay, Occidental Mindoro na nagresulta sa 13 kaswalti sa mga pasista. Nangangatog na rin ang tuhod ng mga pwersa ng 202nd Brigade sa ilang ulit na pag-ambus sa kanila ng BHB-Rizal mula 2019-2021. Malaki namang sampal sa mukha ng 1st, 59th at 85th IBPA ang kabiguan nitong durugin ang BHB sa Quezon kahit na walang puknat ang pang-aatake nila sa probinsya mula 2019.

Tunay na napakadakila at napakahalaga ng tungkuling binabalikat ng BHB sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Tunay ring puno ito ng hirap at sakripisyo, lalo sa ilalim ng teroristang rehimeng Duterte na nahuhumaling na pagpapapatayin ang lahat ng mga rebolusyonaryo at maging mga kritiko nito. Ganunpaman, hindi nito kailanman kayang tibagin ang matibay na paninindigan ng isang tunay na Pulang hukbo. Determinado ang BHB na harapin ang hamon laban sa mga mersenaryo at pasistang kaaway. Magagawa ito dahil hindi lumalaban ang BHB nang nag-iisa—kasama nito ang milyun-milyong api't pinagsasamantalahang Pilipino na siyang kanlungan, balon ng lakas at inspirasyon ng bawat Pulang mandirigma. Ito ang panata ng hukbo ng sambayanang Pilipino, ang BAGONG HUKBONG BAYAN.

*BALITANG TO*



## 2 patay, 2 sugatan sa ambus ng NAAC-BHB Rizal sa 80th IBPA

Dalawang elemento ng 80th IBPA ang patay at dalawa ang sugatan sa inilunsad na ambus ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal sa Maugraw, Sityo Quinao, Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal noong Marso 26, bandang 7:52 ng umaga. Inambus ang anim na elemento ng 80th IBPA habang nag-iigib malapit sa kanilang kampo sa Maugraw.

Ayon kay Macario "Ka Karyo" Liwanag, tagapagsalita ng NAAC, "Ang aksyong militar na ito ay tugon sa kahilingan ng mamamayan, sa mga pagpapahirap at pandarahas na ginagawa ng 80th IBPA sa mamamayan ng probinsya."

Inilunsad ng BHB-Rizal ang opensiba bilang bahagi ng pagsalubong sa ika-53 anibersaryo ng BHB, sa gitna ng matinding operasyong militar ng AFP-PNP sa probinsya at buong rehiyon.

"Patunay ang mga ambus at iba pang aksyong militar ng NAAC na hindi nito alintana ang todo-largang kampanya ng rehimeng US-Duterte para durugin ang PKP-BHB-NDFP. Patuloy nitong nahahawakan ang inisyatibang militar at ginagawang inutil ang AFP sa kabila ng pinatitinding FMO nito," pagtatapos ni Ka Karyo.

# Isulong ang CASER, kamtin ang hustisyang panlipunan at iangat ang pamumuhay ng mamamayang Pilipino

Sa gitna ng napakatinding krisis sa ekonomya ng bansa na pinasahol ng pandemya at umigting na krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, makatwiran ang panawagan para muling buhayin ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Inilalagay sa unahan ng negosasyong pangkapayapaan ang pundamental na suliranin ng bayan at inihahapag ang mga kongkreto't kumprehensibong hakbangin para sa katuparan ng kanilang pambansa demokratikong aspirasyon. Tinatalakay ito sa adyendang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER), pangalawa sa hanay ng mga kasunduang binubuo ng dalawang panig sa negosasyon kaugnay ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya.

Napapanahong pag-usapan ito ngayong nalalapit ang eleksyon sa Mayo 2022 at patapos na ang termino ng anti-kapayapaang rehimeng Duterte. Nabuo na sana ang pinagkaisahang balangkas ng mga prinsipyo ng CASER bago natapos ang ikalawang rawnd ng negosasyong pangkapayapaan noong Oktubre 2016 kung hindi *unilateral* itong ibinasura ni Duterte at winakasan ang usapan sa sulsol ng mga militaristang alipures niyang sina Lorenzana, Esperon at Año noong Hunyo 2017. Nahinto ang negosasyon matapos ihayag ni Duterte ang Proclamation No. 360 at ideklara ng GRP na "terorista" ang PKP-BHB-NDFP.

Ang inihaing bersyon ng CASER ng NDFP ang pinakamahalaga at pinakapuso ng negosasyong pangkapayapaan. Pangunahing laman nito ang Agrarian Reform and Rural Development (ARRD) o ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa, pagpapaunlad ng agrikultura at kanayunan at ang National Industrialization and Economic Development (NIED) o pambansang industriyalisasyon at kaunlarang pang-ekonomya. Tinutugunan nito ang paglutas sa pundamental na ugat ng armadong tunggalian sa bansa na nasa kaibuturan ng inhustisyang panlipunan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino na likha ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Mahalagang linawin at ipalaganap ang nilalaman ng CASER bilang bahagi ng pagsisikap na makamit ang tunay na makatarungang lipunan at pangmatagalang kapayapaan.

**Tunay na reporma sa lupa**

Sa agrikultura umaasa ang mayorya ng populasyon sa kanayunan na binubuo ng masang magsasaka at mga manggagawang bukid para sa produksyon ng pagkain at hilaw na materyal para sa lokal na industriya. Dumaranas sila ng ibayong pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng pyudal at malapyudal na sistema. Salalayan nito ang monopolyo't kontrol ng malalaking panginoong maylupa sa kalakhan ng 13 milyong ektaryang lupang agrikultural, habang wala o kulang sa lupang mabubungkal ang 7 sa 10 magsasaka sa buong bansa.

Sa programa ng CASER, wawakasan ang monopolyo sa lupa ng mga PML, iaangat ang kabuhayan ng mga magsasaka at pauunlarin ang agrikultura. Kukumpiskahin ang mga kinamkam na lupain ng mga PML at malalaking korporasyon at ipamamahagi ito nang libre sa mga magsasakang wala o kulang sa lupa.

Ipagkakaloob din sa mga magsasaka ang libreng irigasyon at mga imprastruktura at pasilidad sa produksyon at pagmemerkado, subsidyo sa binhi at kagamitan, *crop insurance*, murang pautang at suportang teknikal sa tulong ng kanilang mga kooperatiba at asosasyon. Payayabungin ang mga industriya ng mga lokal na produkto sa bansa kagaya ng palay, mais, niyog, asukal, karne at iba pa. Maglalaan ng pondo para sa pagpapaunlad ng pagsasaka at paggamit ng mga makina na nagpapabilis sa produksyon.

Pamumunuan ng mga kooperatiba ang kolektibong pagsasaka at ipagkakaloob sa mga kasapi nito ang nakabubuhay na sahod, sapat na benepisyo at karapatan sa pag-uunyon ng mga manggagawang bukid. Samantala, ipagbabawal ang pagpapalit-gamit ng lupa, usura, militarisasyon sa mga lupang saklaw ng repormang agraryo at malakihang importasyon ng mga produktong agrikultural na pumipinsala sa kabuhayan ng mga magsasaka at lokal na industriya.

**Pambansang industriyalisasyon**

Katuwang ng repormang agraryo ang pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon para sa paglikha ng mga kagamitan sa produksyon at lokal na yaring produkto. Mahigpit itong nakaugnay sa pagpapaunlad ng manupaktura at siyensya't teknolohiya ng bansa.

### Balangkas ng burador na CASER ng NDFP

I. Deklarasyon ng mga Prinsipyo
II. Mga Batayan, Saklaw at Paggamit *(Applicability)*
III. Pagpapaunlad sa Pambansang Ekonomya
- A. Repormang Agraryo at Kaunlarang Pang-kanayunan
- B. Pambansang Industriyalisasyon at Kaunlarang Pang-ekonomya
- C. Pangangalaga sa Kapaligiran, Rehabilitasyon at Kumpensasyon

IV. Pagtatanggol sa Karapatan ng Mamamayan
- A. Karapatan ng mga Manggagawa
- B. Pagtataguyod sa Patriyotiko, Progresibo at Maka-mamamayang Kultura
- C. Pagkilala sa Lupaing Ninuno at Teritoryo ng mga Pambansang Minorya

V. Pambansang Soberanya para sa Pambansang Kaunlaran
- A. Relasyong Pang-ekonomiko at Pangkalakalan sa mga Dayuhan
- B. Mga Patakaran sa Pinansya, Salapi at Kapital *(Fiscal)*
- C. Planong Pang-sosyo-ekonomiko

VI. Pangkalahatang Mekanismo sa Pagpapatupad
VII. Mga Huling Probisyon

Sa balangkas ng CASER, isasabansa ang mga estratehikong industriya ng kuryente, tubig, pagmimina, langis, transportasyon at telekomunikasyon upang makalikha ng maraming trabaho at itaas ang antas ng pamumuhay ng sambayanan. Titiyaking pag-aari at kontrolado ito ng mamamayang Pilipino para sa sapat, mura at de-kalidad na serbisyo at produkto. Lilimitahan sa 40% ang pagmamay-ari ng dayuhang kapitalista laluna sa mga industriya ng bakal, kemikal, makina, *electronics*, gamot, tela at damit, pagkain at inumin, sasakyan, gamit at makinang pansakahan, at mga batayang produktong pangkonsyumer. Samantala, bubuwagin ang mga kartel at kukumpiskahin ang malalaking kumpanyang pag-aari ng mga dayuhan at burgesya komprador.

Bibigyan ng pagkakataong umunlad ang mga may-ari ng *micro, small at medium enterprises* (MSMEs). Ipagkakaloob sa kanila ang mababang gastos sa produksyon, kumprehensibong suporta sa pautang, teknolohiya, distribusyon hanggang sa pagbebenta ng kanilang mga produkto sa pamilihan. Tatanggalin din ang mga hindi kinakailangang regulasyon at buwis.

**Pangangalaga sa kalikasan at rehabilitasyon**

Dapat pangalagaan ang kalikasan habang minamaksimisa at pinakikinabangan ang patrimonyang yaman ng bansa.

Sa diwang ito, babawiin ang mga lupain at katubigang sinisira ng mga dayuhang kapitalista at isasailalim ang mga ito sa rehabilitasyon. Poprotektahan din nito ang mga napreserba pang bahagi ng kalikasan. Ipahihinto ang mga mapaminsalang proyekto ng pagmimina, pagtotroso, reklamasyon at plantasyon. Lilimitahan ang pagmimina sa pagmimina lamang ng mga kinakailangan para sa manupaktura ng mga kagamitan sa produksyon at mabibigat na industriya.

Ipagbabawal din ang mga ehersisyo at iba pang aktibidad pangmilitar ng AFP-PNP at US kagaya ng pagpasok ng mga armas nukleyar, *biological* at kemikal, gayundin ang mga aktibidad



ng tropa ng China sa West Philippine Sea na nakasisira ng mga bahura at nakaaapekto sa pamumuhay ng mga hayop sa ilalim ng dagat.

Magsasaliksik ng mga pamamaraan para hindi magresulta sa malawakang pagkasira ng kalikasan. Pananagutin ang mga maysala sa pagkawasak ng kalikasan at titiyakin ang rehabilitasyon at kumpensasyon sa mga komunidad at mamamayang biktima ng mga ito.

**Serbisyong panlipunan at pagtataguyod sa demokratikong karapatan ng mamamayan**

Layon ng CASER na ipagkakaloob ang de-kalidad at abot-kayang serbisyong panlipunan sa malawak na hanay ng mamamayan. Kabilang dito ang karapatan at akses ng lahat sa edukasyon, serbisyong pangkalusugan, pabahay, yutilidad (tubig, kuryente, transportasyon, at iba pa), komunikasyon, kalinisan at paghahanda at subsidyo sa panahon ng sakuna.

Isusulong at gagarantiyahan ang karapatan ng mga ispesyal na sektor sa lipunan kagaya ng mga kababaihan, bata, nakatatanda, may kapansanan at pambansang minorya. Igagalang ang kultura ng mga pambansang minorya at kanilang awtonomiya.

Ipalalaganap ang makabayan, progresibo at makamasang kultura. Rerepasuhin ang mga libro at kurikulum upang maging salaminan ng makabayang edukasyon at pagpapalaganap ng makamasa at makabayang sining, panitikan at masmidya.

Itutuon sa pangangailangan at pag-unlad ng mamamayang Pilipino ang pinansya ng bansa. Titiyaking ang mga lokal na bangko ay may sapat na pondo para sa mga programang pang-agrikultura at pambansang industriyalisasyon. Bibigyan ng prayoridad sa pambansang badyet ang edukasyon at kalusugan, mga pampublikong yutilidad, pagpapayabong ng mga produktibong sektor sa ekonomya at subsidyo sa mga ispesyal na sektor ng lipunan. Ibabasura ang batas sa awtomatikong pagbabayad ng utang at bubuwagin ang sistema ng *pork barrel*. Palalakasin ang mga batas at patakaran kontra korapsyon at maglulunsad ng mga kampanya para linisin ang gubyerno ng mga korap at abusadong opisyal.

Ipatutupad ang progresibong sistema ng pagbubuwis na sumisingil nang mas malaki sa mga maykaya at mas maliit sa mahihirap. Bubuwagin ang TRAIN Law, *value-added tax* at lalakihan ang buwis sa mga luho at bisyo tulad ng alak, sigarilyo at sugal.

**Pagtataguyod sa pambansang soberanya**

Babaguhin ng CASER ang kalakaran ng relasyong panlabas sa ekonomya upang itatag ang ekonomyang nakasasapat at umaasa-sa-sarili. Itatakwil ang mga neoliberal na patakaran at kung kinakailangan, ay iaatras ang pagsapi sa mga maka-imperyalistang tratado sa GATT-WTO,

IMF-WB, ADB, APEC, RCEP, ODA, AIIB, at iba pa. Ihihinto ang mga hindi pantay na kasunduan sa mga imperyalistang US at China kabilang ang mga kasunduang militar.

Titiyaking ang pagpasok ng dayuhang kapital at produkto ay hindi makapipinsala sa ekonomya ng bansa kundi makatutulong sa paglago nito. Bibigyan ng prayoridad ang mga negosyanteng Pilipino sa mga insentibo at suporta sa pautang, buwis, taripa, *foreign exchange* at iba pa. Kokontrolin ang paglabas-masok ng mga *foreign currency* kagaya ng *dollar* at *yen* upang iwasang madiskaril ang lokal na ekonomya.

Malinaw na nilalaman ng CASER ang batayang kahilingan ng mamamayang PIlipino at mga rekisitos sa pagkakamit ng tunay, pangmatagalan at makatarungang kapayapaan sa bansa. Ngunit dahil tumataliwas ito sa interes ng naghaharing uri sa bansa, ginagawa ng mga ito ang lahat ng makakaya upang madiskaril ang negosasyon at pigilan ang pagkakaroon ng kasunduan sa CASER. Sa kasalukuyan, walang aasahan ang sambayanan sa rehimeng Duterte o sa mga kaalyado nitong paksyon sa pulitika na sina Marcos at Arroyo na ipagpapatuloy ang negosasyon at isakatuparan ang mga programa sa ilalim ng CASER. Gayunman, positibong tinitingnan ng NDFP ang pahayag ng ilang kandidato sa pagkapresidente sa eleksyong 2022 ng kahandaan nilang muling buksan ang usapan sakaling maluklok sa estado-poder.

Sa kabilang banda, ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang ilang bahagi ng programa ng CASER sa kanayunan sa saklaw nito sa pamamagitan ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Ganap na makakamit lamang ang mga programa ng CASER sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at pagtatayo ng tunay na demokratikong gubyernong nagsisilbi sa mithiin ng sambayanan. K

*LATHALAIN*

# Kabiyak, kapamilya, kasama sa pakikibaka

Palasak na itim na propaganda laban sa rebolusyon ang akusasyong "sumisira ito ng mga pamilya." Gamit ang mga pekeng suko, bayarang *troll* at sasandakot na mga taksil, ipinalalaganap ang diumanong masasaklap na kwento ng mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na nawalay sa anak, asawa o magulang. Binabaluktot ng rehimen ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pamilya para dungisan ang rebolusyonaryong kilusan at palabasing salungat sa interes ng pamilya ang pagsusulong ng rebolusyon.

Malayo sa kasinungalingang ito ang pamilyang luwal ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ang rebolusyonaryong pamilya ay mapagpalaya, matapat at nagsasa-alang-alang sa kapakanan ng lahat, hindi lamang ng sariling pamilya. Higit na yumayabong dito ang pag-ibig sa asawa't anak kasabay ng pagmamahal sa bayan. Tunghayan ito sa panayam kay Ka Mhel (KM), opisyal ng isang larangang gerilya sa TK, at sa kanyang anak na isang Pulang mandirigma na si Ka Jane (KJ).

**Kalatas (K): Paano nagsimula ang rebolusyonaryong relasyon ninyong mag-asawa?**

KM: Nakilala ko si Agom[1] sa pangalang Ka Jon, Mayo 1996. Panahong 'yon, may hinahangaan akong ibang kasama na magaling maggitara. Nagkasabay sila ni Ka Jon ng mungkahing panliligaw sa akin.

Kinausap ako ng mga kasama, sabi nila, ako na ang mamili. Mahirap. May nabubuong damdamin ako dun sa isang kasama, pero may ibang dating si Ka Jon. Mas matikas siya. Dagdag pogi *points* ang galing niya sa pistola. Mabilis siyang bumunot. Dito ako nagsimulang humanga sa kanya lalo't gusto kong maging opisyal militar. Bukod dun, mahusay, walang pagod at matiyaga siyang magturo. Mabait din, masipag, malakas ang inisyatiba sa mga gawain at walang kayabangan. Tinuruan niya rin ako ng ilang kanta.

Noong nagpasya akong si Ka Jon ang piliin, nagdeklara naman si Ka Jon na aatras na dahil nahihirapan daw ako. Pinagharap kami ng mga kasama. Sabi niya, "Ano, manliligaw pa ako sa'yo?" Hindi ko alam kung bakit, pero umiyak ako't sumandal na lang sa balikat niya bilang sagot. Naging kami na bandang huli.

Mas hinangaan ko siya sa pagtagal ng panahon. Kung paano niya niyakap, itinaguyod at ipinatupad ang simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka na napatagos niya sa aming mga anak. May mataas siyang pagpapahalaga sa organisasyon at prestihiyo ng Partido. Makailang beses na siyang nakipagbuno sa bingit ng kamatayan pero hindi ko siya kinakitaan ng pagkaduwag at panlulumo. May isang labanan na nagkaroon siya ng malalang sugat at nanganib ang buhay. Nag-*text* pa siya nun: 'Wag nyong kalilimutang mahal na mahal ko kayo ng mga anak natin. 'Wag kayong bibitaw. Ipagpatuloy nyo ang rebolusyon!

**K: Paano ninyo pinaghandaan ang rebolusyonaryong pagpapamilya?**

KM: Tiniyak naming mula sa mga kapamilya namin ang tagapangalaga ng mga bata para sigurado kaming lalaki sila nang maayos, naaasikaso at nasusubaybayan. Sa programa namin, ang mga bata ang dumadalaw sa amin para makahalubilo rin nila ang mga kasama at masa. Bahagi 'yun ng utay-utay na pagmumulat sa mga bata at nag-aalaga. Sa dalaw, tumutulong sila sa 'min, sumasali sa pagluluto at mga presentasyong pang-kultura. May nakakatuwang kwento sa dalaw noong ikalawa naming anak. Pitong taong gulang pa lang siya noon pero pinuna niya ang mga kasama, "'Wag kayong mag-aksaya ng pagkain. Mahirap

maghakot ng bigas tsaka kawawa ang mga magsasaka."

**K: Ano ang iyong pananaw sa pagiging rebolusyonaryo at Pulang kumander ng iyong mga magulang?**

KJ: Lumaki ako sa 'king mga kamag-anak. Sabi nila, NPA ang mga magulang ko. Marami akong tanong noon: Bakit may NPA at bakit nag-NPA sina Mama at Papa? Naaalala ko pa noong sinabi ng isang sundalo sa lugar namin na masasamang tao ang mga NPA…ibig sabihin ba nun na masama rin ang mga magulang ko dahil NPA sila?

Dahil kailangan ko ng sagot, noong pinatawag ako ng aking mga magulang ay 'di ako nagdalawang-isip pa. Agad akong pumunta sa kanila. Sa loob ng ilang linggong pakikipamuhay sa mga NPA at sa mga magulang ko, isang bagay lang ang naging maliwanag para sa akin. 'Yun ay ang katotohanang hindi pala masasama ang NPA. Nakita ko ang ningning sa mata ng mga maralita, naramdaman ko ang kanilang pananabik na makasama ang kanilang hukbo, walang iba kundi ang NPA! Nakita ko rin ang mahusay na ugnayan at unawaan sa pagitan ng mga kasama na nagmula sa iba't ibang uri na mayroong iba't ibang kulturang kinagisnan. Dahil doon, nagsimula nang magkaroon ng puwang ang rebolusyon sa puso ko. Hanggang nung umabot ako sa tamang edad ay nagpasya na rin akong mag-NPA tulad nina Mama at Papa.

**K: Paano nakatutulong ang inyong relasyon sa pagtupad ng tungkulin sa rebolusyon?**

KM: Walang kasinsaya ang kasa-kasama ang minamahal sa pagrerebolusyon. Inspirasyon ang mga mahal sa buhay. Laging nakasuporta si Agom sa paggampan ko ng gawain at tungkulin. Payo niya sa akin sa pagdadala ng TO[2], "Bilang opisyal, 'wag kang matakot sa kamatayan para madala mo sa labanan ang mga kasama. Kapag natakot ka, kahit kailan, hindi ka makakapamuno at hindi rin magtatagumpay."

Nakuha ko sa kanya kung paano magkontrol ng emosyon at wastong pakikipagtunggali. Sinanay at tinuruan niya akong tumayo sa sarili kong paa at hindi nakasandig sa kanya. Sa mga labanan, kahit na nasa unahan ako, hindi ko siya narinig ni minsan na mag-alangan o pumigil sa akin. Walang pyudal na relasyong namamagitan sa aktwal naming pagtupad ng tungkulin, siya bilang pangunahing kumander at ako bilang segundaryong opisyal.

KJ: Nung magkakasama kami sa isang yunit ng ilang taon, marami akong natutunan sa kanila hindi lang bilang magulang kundi bilang opisyal namin. Si Papa ang nagturo sa 'kin kung paano gumamit ng pistola, kumuha ng *blood pressure*, gumamit ng icom[3] at tumugtog ng gitara.

KM: At syempre, kung may krisis ang isa sa pamilya, kailangang maging matatag ang iba para sa pag-alalay.

**K: Paano ninyo pinapaunlad ang inyong relasyon kasabay ng paggampan ng rebolusyonaryong gawain?**

KM: Bahagi ng rebolusyonaryong tungkulin ang pagpapaunlad ng relasyong mag-asawa upang hindi ito maging bagahe sa pagkilos at sa halip ay maging inspirasyon. Inuunawa namin ang hindi lang miminsang mahigit isang taon na hindi nagkikita dahil sa gawain. Pero hindi kami nakakalimot. Nagbabahaginan ng mga bagong karanasan, problema, kahirapan at tagumpay sa pamamagitan ng sulat, *cellphone* at ang marami ay sa pagkikita. Naglulunsad din kami ng mga pana-panahong PPS[4] at paglalagom ng aming relasyon. Dagdag pa ang maliliit at simpleng bagay naming ginagawa na nagpapakita ng pagmamahal. Ako, mahilig magluto o magtabi ng pagkaing naipepreserba. Lalagyan ko pa ng *message* sa maliit na papel na ididikit ko sa pasalubong. Iniipon ko 'yun sa isang *lunch box*. Ganundin si Agom. Tinapang karneng baka, kalabaw, pati pulseras at mga *souvenir.* Meron din para sa mga anak namin. Kapag nagkita na, alam mong lagi kang naaalala.

KJ: Labis ang pagmamahal at pagrespeto ko sa kanila, hindi lang bilang aking magulang kundi kapwa rebolusyonaryo. 'Yung pagkakataong kasama ko sila, mga mahal ko sa buhay, ipinaparamdam ko sa kanila kung gaano ko sila kamahal, gaano sila kahalaga.

Sa loob ng kilusan, lahat ay umiibig, nagmamahal, pumapasok sa relasyon hanggang magbuo ng pamilya. May naghihiwalay at nagdidiborsyo ngunit mas nakararami ang matagumpay sa pagbubuo ng isang rebolusyonaryong pamilya tulad nila Ka Mhel, Ka Jon at Ka Jane. May malaking papel na ginagampanan ang mga kakolektibo, iba pang kasama sa Partido at pamilya sa pagpapatatag ng relasyon. Itinataguyod sa loob ng rebolusyonaryong kilusan ang proletaryong pananaw hinggil sa pakikipagrelasyon at pag-aasawa, paggalang sa karapatan ng mga kababaihan at pag-aaruga ng mga anak sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. K



1 *Asawa sa salitang Bikol*
2 *Taktikal na opensiba*
3 *Radyong pang-komunikasyon*
4 *Pagpuna at pagpuna sa sarili*

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang *Permit to Campaign* (PTC) at *Campaign Access Fee* (CAF)? Paano ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ang mga ito?

May dalawang pampulitikang kapangyarihan ang umiiral sa bansa—ang reaksyunaryong kapangyarihan ng estado ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa at ang rebolusyonaryo't Pulang kapangyarihan ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan, sa pamamagitan ng kanilang Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) na umiiral sa mga sona't larangang gerilya sa bansa.

Habang nakikibaka ang rebolusyonaryong kilusan at sambayanang Pilipino para ibagsak ang estado ng mga naghahari at nagsasamantalang uri sa buong kapuluan, kasabay ding pinatutupad ang mga responsibilidad at tungkulin sa pagpapatakbo ng sarili nitong gubyerno. Tungkulin at karapatan ng DGB na magpatupad ng kanyang sariling mga batas, alituntunin at patakaran alinsunod sa kapangyarihan at otoridad nito bilang hiwalay na gubyernong umiiral sa maraming bahagi ng teritoryo ng Pilipinas. Ang pag-iisyu ng gubyernong bayan ng mga permiso upang makapagpatakbo ng negosyo ang mga dambuhalang korporasyon at malalaking kumpanya at maglunsad ng iba pang mga aktibidad ang mga lokal na pulitiko sa saklaw ng mga sona't larangang gerilya hanggang sa pagpapataw ng rebolusyonaryong buwis sa mga ito ay karapatan at tungkulin *(function)* ng DGB bilang hiwalay na gubyerno. Kung kaya't bahagi ng *function* ng paggugubyerno ng DGB ang pag-iisyu ng *permit to campaign* (PTC) at pagpapataw ng *campaign access fee* (CAF) sa panahon ng mga burges na halalan. Inoobliga ng patakarang ito ang lahat ng mga kandidato na kumuha ng permiso sa DGB, sa pamamagitan ng mga iba't ibang kumand ng BHB kung nais nitong makapasok at malayang makapangampanya sa saklaw na mga teritoryo ng gubyernong bayan. Ang CAF naman ay makatarungang halagang hinihingi ng DGB bilang isang anyo ng pagbubuwis at bahagi ng mga kundisyon sa pag-iisyu ng PTC.

Dapat igalang at mahigpit na tupdin ng sinuman ang mga batas, tuntunin at patakaran na pinaiiral ng DGB kabilang ang PTC at CAF. Nakabatay ang mga ito sa ipinatutupad na pampulitika at Pulang kapangyarihan sa loob ng mga sona't larangang gerilya labas sa pinaiiral na batas at patakaran ng pasista at reaksyunaryong estado. Ang rebolusyonaryong sistema ng batas at hustisya ay malayung-malayo sa umiiral na bulok at reaksyunaryong sistema ng batas at hustisya sa bansa na pangunahing nakakiling sa mga mayayaman at nasa kapangyarihan sa kapariwaraan naman ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan.

Makatwiran at makatarungan ang ipinatutupad na PTC at CAF ng rebolusyonaryong kilusan sa tuwing nagaganap ang burges na halalan sa bansa. Isa rin itong anyo ng pag-eehersisyo ng Pulang kapangyarihan ng DGB na obligadong kilalanin at igalang ng mga kandidato sa reaksyunaryong eleksyon. Ang PTC ay taktikal na kasunduan sa pagitan ng mga kandidato at rebolusyonaryong kilusan na nagbibigay sa una ng karapatan at kalayaang makapangampanya sa loob ng mga sona't larangang gerilya ng PKP-BHB-NDFP batay sa mga itinakdang kondisyon. Ipinagkakaloob ang PTC matapos magkasundo ang dalawang panig sa halagang babayaran ng mga kandidato na CAF. Ganunpaman, maling isipin na nakatali lamang sa pagbabayad ng CAF ang pag-iisyu ng DGB ng PTC. Sa ilang piling mga kaso, iniisyuhan ng DGB ng PTC ang mga kandidato sa batayang pulitikal at kunsiderasyon sa kakayahan nitong magbayad ng CAF. Hindi pinagkakalooban ng PTC ang mga kandidatong sagadsaring kontra-rebolusyonaryo at may mga utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan kahit pa handa silang magbayad ng CAF.

Pawang kasinungalingan at paninira ang ikinakalat ng AFP, PNP at reaksyunaryong gubyerno na ang pagpapataw ng PTC at CAF ay isang uri ng "ekstorsyon." Palibhasa'y ayaw nilang tanggapin sa sarili na may umiiral na ibang gubyerno na nagpapatupad ng sarili nitong mga



batas at patakaran sa bansa. Sa bigong pagnanais ng AFP at PNP na pigilang makipag-usap ang mga kandidato sa mga kinatawan ng DGB para sa pagkuha ng PTC, tinatakot at binabalaan silang kakasuhan ng AFP at PNP. Subalit sa mahabang karanasan ng rebolusyonaryong kilusan sa mga burges na halalan, binabalewala ng mga kandidato ang mga babala at pananakot ng AFP at PNP. Patuloy silang nagpaparamdam na handa silang makipag-usap at aktibo ring naghahanap ng mga linya na magsilbing tulay upang makipag-usap sa kinatawan ng kumand ng BHB sa kanilang lugar. Ito'y palatandaan na kinikilala nila ang DGB na dapat nilang pakitunguhan para sila ay malayang makapangampanya sa saklaw na teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan. Kung tutuusin, karaniwan nang nakatatanggap ang gubyernong bayan ng mga boluntaryong donasyon mula sa mga kandidato bilang tanda ng pagkilala nila na may umiiral na ibang gubyerno.

Ang PTC ay hindi lamang isang kapirasong papel. Ang pag-iisyu ng PTC ay sumisimbolo ng Pulang kapangyarihan at otoridad ng DGB para protektahan at ipagtanggol ang base ng rebolusyon mula sa mga panlilinlang, intimidasyon, pananakot at karahasan na tipikal na nangyayari sa reaksyunaryo at burges na halalan sa bansa. Ang PTC ay naglalaman ng mga kundisyon, na dapat matapat na sundin ng mga kandidato, tulad ng pagbabawal sa pagdadala ng mga armas ng kanilang mga badigard at kasamahan habang nangangampanya, absolutong pagbabawal sa pagsama ng mga armadong tropa ng AFP at PNP bilang eskort, pananakot at pagsasagawa ng mga intimidasyon at pandarahas sa masa. Ang tahasang paglabag sa mga kasunduan na laman ng PTC ay batayan para kanselahin o bawiin ng DGB ang PTC. Maaari pang humantong na patawan ng DGB ng angkop na kaparusahan ang mga kandidato batay sa mga nagawa nilang paglabag sa mga kundisyong nakapaloob sa PTC.

Ang mga pagbubuwis ng rebolusyonaryong kilusan kabilang ang sa eleksyon ay pangunahing ipinapataw sa malalaking panginoong maylupa, dambuhalang korporasyon at negosyo at burukratang kapitalista. Direktang napupunta sa mamamayan ang napapalitaw na buwis sa anyo ng mga serbisyo tulad ng gastos sa mga kampanya sa edukasyon, kalusugan at sanitasyon, proyektong pang-ekonomya ng baryo, sa pagpapaunlad ng mga kagamitan sa produksyon ng mga kooperatiba at samahang masa, depensa sa baryo at marami pang iba. Tinitiyak ng DGB na bawat sentimong napapalitaw nito ay napupunta sa anyo ng serbisyo sa masa at digma. Matama ring tinatasa (awdit) ang mga ulat sa pinansya at regular na iniuulat ito sa mamamayan ng baryo.

> ***Ang Permit to Campaign (PTC) ay hindi lamang isang kapirasong papel. Ang pag-iisyu ng PTC ay sumisimbolo ng Pulang kapangyarihan at otoridad ng Demokratikong Gubyernong Bayan para protektahan at ipagtanggol ang base ng rebolusyon mula sa mga panlilinlang, intimidasyon, pananakot at karahasan na tipikal na nangyayari sa reaksyunaryo at burges na halalan sa bansa.***

Sa kabilang panig, maraming ipinapataw na buwis ang reaksyunaryong estado na nagsisilbing pabigat na pasanin ng masang Pilipino lalo na ng uring anakpawis. Malaking bahagi rin ng nakokolektang buwis ng reaksyunaryong gubyerno ay napupunta sa korupsyon at pagnanakaw ng mga tiwaling opisyal nito mula pambansa hanggang sa antas ng barangay at kakarampot na lamang ang napupunta sa mga serbisyong sosyal na kailangang-kailangan ng taumbayan.

Malinaw na ang tunay na gubyernong nagsusulong ng interes ng mamamayan ay ang DGB. Maitatayo lamang ito sa pambansang saklaw sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan (MDB). Malaon nang pinatunayan na hindi eleksyon ang solusyon sa pagkakamit ng mithiin ng sambayanang Pilipino para sa malaya, demokratiko at masaganang buhay. Lalong kinakailangang patuloy at puspusang ilinaw ng rebolusyonaryong kilusan ang kahungkagan ng burges na eleksyon sa isang panig at katumpakan ng armadong rebolusyon sa pagkakamit ng saligang pagbabago sa lipunang Pilipino sa kabilang panig. Kailangang puspusang basagin sa kaisipan ng masa ang ilusyon na ipinakakalat ng mga naghaharing uri at mga propagandista nila na sa pamamagitan ng eleksyon, na siyang salaminan diumano na may umiiral na "demokrasya" sa bansa, matutupad ang pangarap ng mamamayang Pilipino na magkaroon ng pagbabago sa kanilang abang kalagayan.

Dapat samantalahin ang mga oportunidad na ibinubukas ng eleksyon para sa gawaing pagpapalawak at pagpapatatag ng mga base, sa paglulunsad ng mga kakayaning taktikal na opensiba na tiyak ang tagumpay at sa maramihang rekrutment para sa PKP-BHB-NDFP. Dapat paramihin ang mga kaibigan at alyado ng rebolusyon sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng ugnayan, kooperasyon at alyansa. Kabigin ang mga di palaban at nyutral upang ihiwalay ang mga sagadsaring kontra-rebolusyonaryo sa hanay ng mga lokal na opisyal.

Sa kalagayang marami pa ring Pilipino ang mababaw pa ang pampulitikang kamalayan at lubos pang naniniwala sa burges na halalan, bahagi rin ng tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ang gabayan at edukahin ang masa sa matalinong paraan ng pagpili ng kanilang kandidato. Turuan silang makipag-ugnayan at makipag-aralan sa mga organisasyon na nagsusulong ng "bagong pulitika" at naglalatag ng mga pamantayan sa pagpili ng kandidato na matapat at konsistenteng nagsusulong ng interes at kapakanan ng mga uring inaapi't pinagsasamantalahan. K

# Ang paglakas ng armadong pakikibaka at pagbagsak ng diktadura




Hindi na makapaghari sa dating paraan ang naghaharing-uri. Naghahangad ang taumbayan ng isang rebolusyonaryong pagbabago, sa pamamagitan ng armadong pakikibaka sa pamumuno ng isang rebolusyonaryong partido. Kinailangang itatag ng US ang isang malupit na awtokratikong papet sa bansa para pigilan ito.

Ang malalakas at malawakang protestang bayan mula huling bahagi ng dekada 1960 sa pamumuno ng muling itinatag na Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang pagsilang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang Moro National Liberation Front (MNLF) sa Mindanao ang mga kinatakutan ng rehimeng US-Marcos sa maagang bahagi ng dekada 1970. Nanganganib ang kanyang pakanang ipagpatuloy ang sistematikong korapsyon at ang interes ng imperyalismong US na sa pandaigdigang antas ay minumulto rin ng paglaganap ng komunismo sa Europa at Asya matapos lumaya at maging sosyalistang mga bansa ang sangkatlo ng daigdig. Ito ang mga bagay na nagtulak kay Marcos upang ideklara ang Martial Law noong 1972.

Para magawa ito, pinalaki niya nang husto ang mga numero at bilang ng kasapi ng PKP, mga mandirigma at sandata ng BHB, maging ng MNLF. Samantalang mayroon lamang noong 2,000 miyembro ang PKP habang ang BHB ay mayroon lamang 350 awtomatikong riple. Ang rebolusyonaryong baseng masa ay sumasaklaw lamang sa ilang daang libong mamamayan. Hindi pa nasiyahan, naglunsad si Marcos at mga alipures niya ng mga *false-flag operations* sa iba't ibang lugar sa Maynila para ibintang sa PKP/BHB tulad ng ginawang pagpapasabog ng granada sa *election/protest rally* ng katunggaling Liberal Party sa Plaza Miranda noong Agosto 1971 at pekeng ambush kay Juan Ponce Enrile, noo'y kalihim sa depensa ni Marcos, noong Setyembre 1972.

**Ang malalang krisis ng naghaharing sistema**

Lalo lamang pinalala ng pasistang kontra-rebolusyon ang krisis ng naghaharing sistema at itinulak ang pagsulong at pagdami ng mga rebolusyonaryong pwersa. Sa halip na isalba ang republika, lalong ikinamuhi ng mamamayan ang itinatag niyang awtokrasya na nagpalis sa lahat ng tabing ng burges na demokrasya sa bansa. Sa pagpapataw ni Marcos ng Martial Law at pagkonsentra sa kanyang kamay ng buong kapangyarihang pang-estado, labis niyang inilugmok sa krisis ang bayan. Ang itinayong interim batasang pambansa ay naging r*ubber stamp* lamang ng kanyang pasistang diktadura at sunud-sunuran sa lahat ng naisin nito. Ang mga korte sa pamumuno ng Korte Suprema ay naging instrumento at kasabwat ng diktadura. Ang mga eskwelahan at masmidya ay ginamit para ipalaganap ang mga pasista at imperyalistang propaganda.

Binangkarote ni Marcos ang ekonomya ng bansa dulot ng labis na paggasta sa mga di-industriyal at di produktibong mga programa at proyekto na pangunahing nagsisilbi sa kolonyal na padron ng produksyon at eksport ng mga hilaw na materyales at pag-import ng mga yaring produkto. Bunga nito, lalong tumaas ang implasyon na nagtulak sa pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin, tumaas ang disempleyo habang paparami ang bilang ng mga magsasakang inaagawan ng lupa. Samantalang palobo nang palobo ang utang panlabas ng bansa na napupunta sa pagpapalaki ng AFP, pagbusog sa mga heneral nito at pangungurakot ng pamilyang Marcos. Hindi lamang ang mamamayan ang naging biktima ng kasakiman ni Marcos, maging ang mga naglalakihang burgesya komprador at panginoong maylupa labas sa sirkulo ng mga kroni ni Marcos ay nabiktima rin. Ikinonsentra ni Marcos sa kamay ng mga kroni nito ang susing mga industriyang pang-eksport ng bansa tulad ng tabako, asukal, niyog at iba pa.



## Pananalasa ng pasistang diktadura sa lumalabang mamamayan

Pinakamalalang pasistang pag-atake ang inihasik ng diktadura sa kanayunan. Sa unang 10 taon pa lamang, umabot sa 150,000 ang kaswalti ng inilulunsad na gera sibil ni Marcos. Karamihan sa 70,000 dito ay mga sibilyang biktima ng masaker ng armadong pwersa ng estado sa mga baryo at komunidad. Ang mapayapang mga protesta ng magsasaka sa iba't ibang bahagi ng bansa na itinulak ng mabilis na rekonsentrasyon ng malalawak na mga lupain sa mga kamay ng mga bagong PML at kroni ni Marcos at kabiguan ng rehimen na magkaloob ng tunay na reporma sa lupa ay sinuklian ng panunupil sa anyo ng mga masaker. Samantala, aabot naman sa tatlong milyong Pilipino ang nadisloka sa kanilang mga tahanan at komunidad, pinakamalaki (tinatayang 2.2 milyon) ang mula sa Mindanao na kalakhan ay mga Moro at di-Moro bunga ng pananalasa ng militarisasyon sa kanayunan.

Kahit sa mga kalunsuran at sentrong bayan, inilulunsad ng mga ahente ng estado ang mala-masaker na mga pag-atake laban sa mga mapayapang demonstrasyon ng mamamayan. Sa kabila ng mga pagsisikap ng mamamayan na panatilihing legal ang kanilang mga pakikibaka, ang mga organisasyon at indibidwal na kritikal sa rehimen ay patuloy na binabantaan ng matitinding parusa—pag-aresto, tortyur at pagpaslang na nagtutulak sa kanila para kumilos nang *underground* at sumalig sa armadong pakikibakang inilulunsad ng BHB sa pamumuno ng PKP.

## Pagkahiwalay ni Marcos at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan

Nabigo si Marcos na supilin ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan, bagkus ay lalo itong lumakas sa buong bansa matapos mag-*underground* ang malaking bahagi ng patriotiko at demokratikong mga organisasyong masa at itinatag ang National Democratic Front para labanan ang terorismo at pagkaganid ng diktadura. Ang mas malalang krisis sa ekonomya, pulitika at ang pananalasa ng matinding pasistang panunupil ng diktadurang Marcos ang lalong nagpaalab sa damdamin ng mamamayang maghimagsik laban sa kanya. Sa gitna ng kabi-kabilang pananalakay, nagpunyagi ang kilusang pambansa-demokratiko sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayan sa mga kalunsuran at sentrong bayan.



Inspirasyon nila ang patuloy na paglakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan na inilulunsad ng BHB. Ang maraming napilitang mag-*underground* ay nagtungo sa kanayunan at tumulong sa paglalatag ng mga sonang gerilya sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Bunga nito, mabilis na nakapaglatag at sumaklaw ang PKP at BHB sa malaking bahagi ng bansa mula Luzon, Visayas at Mindanao. Naitayo ang mga yunit ng BHB sa halos lahat ng rehiyon sa bansa na naglulunsad ng matatagumpay na bigwas sa pasistang tropa ng AFP at sumasamsam ng kanilang mga armas. Nakaugat ang Partido sa masa at nakapagrekluta ng daan-libong kasapiang lumalangoy sa milyong baseng masa.

Tuluy-tuloy na lumawak ang anti-pasistang pakikibaka laluna pagpasok ng dekada 1980. Ang pinakamalaking pagkakamali ni Marcos na pagpapapatay sa pangunahing katunggaling si Benigno "Ninoy" Aquino, Jr. ang lalong nagtulak sa mamamayang lumabas sa kanilang mga tahanan at ipagsigawan ang disgusto at pagkamuhi sa pasistang rehimen. Bumuhos ang milyun-milyong mamamayang Pilipino sa lansangan. Bunga nito, lalong nahiwalay si Marcos. Nang napansin ng imperyalismong US at iba pang bloke ng naghaharing uri ang ibayong paglakas ng rebolusyonaryong kilusan at kabiguan ni Marcos na supilin ito, nangamba sila sa lalo nitong paglakas kapag nanatili pa si Marcos sa poder. Inudyukan ng US si Marcos na magpatawag ng *snap elections* noong Pebrero 7, 1986 na maglalatag naman ng kondisyon sa kanyang pagbagsak.

Ang lantarang pandaraya ni Marcos sa naganap na *snap elections* ang lalong nagtulak sa taumbayang kolektibong ihiyaw ang "Sobra na! Tama na!" at igiit ang kanyang pagbaba sa poder. Sumambulat sa malalaking lansangan sa EDSA mula Pebrero 22 ang gahiganteng kilusang masang dekadang inihanda at pinagpunyagian ng pambansa-demokratikong kilusan sa pamumuno ng PKP. Ito ang kilusang masa ng nagkakaisang Pilipino laban sa diktadura na sinuportahan ng iba't ibang sektor, kabilang ang simbahan at maging ng pangunahing instrumento ng panunupil ni Marcos, ang mga militar. At bunsod nito, lilisanin ng nasiphayong si Marcos at kanyang pamilya ang Malacañang lulan ng isang eroplano ng US noong Pebrero 26, 1986 na nagwakas sa kanyang 14-taong diktadura.

*Ikaanim sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law ng diktadurang US-Marcos.* K

# *Final push* ng rehimeng Duterte laban sa BHB, bigo!

Patunay ang matatagumpay na aksyong militar ng Melito Glor Command (MGC)-BHB TK at mga pinsalang natamo ng AFP-PNP noong 2021 na bigo ang *final push* na idineklara ng rehimeng Duterte para durugin ang rebolusyonaryong kilusan bago ang pagtatapos ng termino nito sa Hunyo 30.

Sinalubong ng BHB TK ang pinabagsik na pang-aatake ng rehimeng Duterte sa huling taon nito sa poder ng mga taktikal na opensibang (TO) bumigwas sa AFP-PNP at mga punitibong aksyon laban sa mga despotikong naghaharing uri at mga kaaway ng rebolusyon kaalinsabay ng mga isinulong na mga kampanya sa rebolusyong agraryo at pagtatayo ng base. Nagtala ang MGC ng 48 aksyong militar noong 2021 kung saan 23 ay taktikal na opensiba. Nagresulta ang mga labanan sa 81 kaswalti sa panig ng kaaway: 43 patay at 38 sugatan.

Malaking tagumpay ito ng MGC sa kabila ng matinding militarisasyon sa TK. Narito ang pinakamaraming bilang ng batalyong pangkombat ng AFP-PNP sa buong bansa. Aabot sa 24 batalyon kasama ang buong 68th IBPA na bagong dating sa isla ng Mindoro nitong Enero 2022 at ang isang kumpanya ng 70th IBPA sa ilalim ng 7th IDPA. Sa dami ng pwersang pangkombat sa rehiyon ay nagawa ng mga pasistang maglunsad ng walang patlang na *focused military operations* (FMO) at *retooled community support program operations* (RCSPO) sa ilampung baryo sa isang probinsya sa isang takdang panahon.

Pinalala ito ng paggamit ng Southern Luzon Command at Western Command ng AFP ng mga ipinagyayabang na FA 50 *fighter jets*, Black Hawk *helicopter*, mga *howitzer, attack drones* at iba pang modernong kagamitan.

"Sa gitna ng walang humpay na FMO ng kaaway, patuloy na nagpupunyagi ang mga yunit ng BHB sa pakikidigmang gerilya… pinatunayan ng maliit at mahinang nasasandatahang mga yunit ng BHB ang superyuridad ng taktikang gerilya na pinaunlad ni Mao at mapanlikhang inilapat sa partikular na kundisyon at tereyn ng ating rehiyon," pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa TK sa ika-53 anibersaryo ng BHB noong Marso 29.

Isa sa matutunog na TO na umakit ng pambansang atensyon ang ambus ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro laban sa 1st Maneuver Platoon ng Occidental Mindoro sa ilalim ng PNP-Police Mobile Force Company (PMFC). Isinagawa ang ambus noong Mayo 28 sa Sityo Banban, Barangay Nicolas, Magsaysay at nagdulot ng 3 patay at 11 sugatan sa PNP.

Sa tindi ng tinamong pinsala, pinalabas ng PNP-MIMAROPA na tinarget umano ng LdGC si Gov. Ed Gadiano upang siraan ang BHB. Mariin itong pinasinungalingan ng LdGC at inilinaw na ang target ng ambus ay ang PNP-PMFC na sangkot sa mapanlinlang na Serbisyo Caravan na ginagamit na tabing sa sapilitang pagpapasuko at pandarahas sa mga Mindoreño.

Sa probinsya ng Rizal, matagumpay na tinambangan ng Narciso Antazo Aramil Command-BHB Rizal ang 80th IBPA sa Sityo Ilas, Barangay Puray, Rodriguez noong Setyembre 30, 2021. Dalawa ang patay sa mga sundalo kabilang ang isang PFC Warren Montebon. Ang inambus na pasistang tropa ay reimporsment ng 2nd IDPA sa armadong *goons* ng panginoong maylupang (PML) si Arturo Robes na ni-reyd ng BHB noong Setyembre 27, 2021.

Hindi rin hinayaan ng BHB TK na mamayagpag ang mga FMO at RCSPO at pinsalain ang mamamayan. Tampok sa 2021 ang mga operasyong *sapper* na nagpalasap sa kaaway ng malalaking kaswalti.

Una rito ang pagbomba ng Bienvenido Valleber Command-BHB Palawan sa nanghahalihaw na Marine Battalion Landing Team 3 ng Philippine Navy sa Sityo Kayasan, Barangay Nicanor Zabala, Roxas. Ininda ng Marines ang tinamong siyam na patay at mga sugatan. Sa kanilang galit, binalingan nila ang mga taumbaryo at nagpasabog ng 10 bala ng kanyon sa lugar.

Aabot naman sa isang seksyong pwersa ang tayang kaswalti sa anim na sasakyang *convoy* ng 96th IBPA na nasapol ng bomba ng isang tim ng LdGC noong Agosto 14. Pinasabugan ng BHB ang *convoy* ng anim na sasakyan ng kaaway habang tinutunton nito ang kalsada sa Sityo Tambangan, Barangay San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro, bandang 9:40 ng gabi. Ang 96th IBPA sa ilalim ng 203rd Brigade ang ginamit na pwersa para sa masinsin na FMO sa Occidental Mindoro mula Hunyo hanggang Hulyo 2021.

Ipinamalas din ng mga Pulang mandirigma ang kanilang pagkakabisa sa gerilyang pagkilos sa mahuhusay na operasyong isnayp sa nakaraang taon. Pangunahin dito ang ambus ng LdGC sa Black Hawk *helicopter* sa Sityo Mantay, Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro noong Enero 9. Tumalilis ang *helicopter* na sinakyan ng mga opisyal ng SOLCOM kabilang ang ubod ng yabang na si General Parlade na dadalo sa programa ng pekeng pagpapasuko na nakatakdang idaos sa Sityo Mantay sa mismong araw na iyon.

## Rekord ng BHB-TK sa mga labanan

| | 2017 - 2020 | 2021 |
|---|---|---|
| Aksyong militar | 380 | 48 |
| Taktikal na opensiba (TO) | 276 | 23 |
| Patay sa AFP-PNP | 284 | 43 |
| Sugatan sa AFP-PNP | 261 | 38 |

Nagkagulo naman ang tropa ng PNP-Special Action Forces (SAF) na nagkakampo sa Barangay Malu, Bansud, Oriental Mindoro nang paputukan ito ng isang tim ng LdGC noong Marso 28. Isa ang patay sa SAF sa nasabing operasyon.

Samantala, hindi nagawang durugin ng AFP-PNP ang mga yunit ng BHB TK na inatake nito sa nagdaang taon. Nagtamo ang AFP-PNP ng kabuuang 36 kaswalti, 20 patay at 16 sugatan, sa mga naganap na *strike operation* at engkwentro laban sa BHB.

Kabilang sa mga bigong *strike* sa BHB ang atake ng 59th IBPA sa Sityo Culong, Barangay San Francisco B, Lopez, Quezon noong Marso 5. Agad na napinsala ang lumalapit na mga sundalo nang pasabugan sila ng *command detonated explosive* ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon. Tatlo ang patay at isa ang sugatan sa mga kaaway habang ligtas na nakaatras ang yunit ng AMC.

Nagkakailan din ang aktibong pagdedepensa ng mga yunit ng BHB Mindoro na nagdulot ng malaking pinsala at demoralisasyon sa umaatakeng tropa ng AFP-PNP. Kabilang sa mga ito ang labanan sa Barangay Pag-asa, Sablayan, Occidental Mindoro (Nobyembre 23) at dalawang engkwentro sa Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro (Marso 25 at Agosto 4).

Nakamit ang mga tagumpay na ito sa mahigpit na pakikipagtulungan ng mamamayan sa mga yunit ng BHB sa kanilang lugar. Mabigat ding puhunan ang buhay na ibinuwis ng mga Pulang mandirigma sa proseso ng pagtatanggol sa mamamayan at paglaban sa palalong kaaway. Sa 2021, 11 kasapi ng BHB TK ang napaslang habang 16 ang nasugatan sa mga labanan. K

## *Sa ika-53 anibersaryo ng BHB*

# Mamamayan at BHB-TK, determinadong nagsusulong ng digmang bayan



Buong kasiyahang ipinagdiwang ng mamamayan ng TK at mga yunit ng Melito Glor Command (MGC)-BHB TK ang ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag ng BHB nitong Marso 29 habang hinaharap ang hibang na kontra-rebolusyonaryong panunupil ng desperadong rehimeng Duterte.

Sa okasyong ito, idineklara ng MGC ang kabiguan ng rehimeng Duterte at AFP-PNP sa pamamagitan ng Southern Luzon Command na igupo ang armadong paglaban ng mamamayan sa TK.

"Nanlulumo ngayon ang mga pasista at ang kanilang pinunong si Duterte dahil batid nilang nananatili at patuloy na lumalakas ang BHB sa kabila ng kanilang maruruming taktika at paggastos ng bilyun-bilyong piso sa mga operasyon, modernong armas at pabuya sa mga sundalo. Totoong dumaan ang BHB sa mahirap na pakikibaka sa nagdaang mga taon, pero naigpawan ito ng mga Pulang kumander at mandirigma at naging pandayan pa ng kanilang paninindigan at kakayahan sa digma. Higit sa lahat, lalo nitong pinatibay ang ugnayan ng BHB sa masang anakpawis," ani Armando Cienfuego, tagapagsalita ng MGC.

Patunay nito, daan-daang mamamayan ang nagtipon sa mga inilunsad na pulong anibersaryo at simpleng selebrasyon sa Quezon, Rizal, Laguna, Batangas, Mindoro at Palawan. Sa mga sonang gerilya, magkasama ang BHB at mga magsasaka, kabataan, kababaihan at katutubong mamamayan sa paggunita sa mga tagumpay ng nakaraang 53 taon at pagpaparangal sa mga rebolusyonaryong martir. Sa mga nabanggit na pagdiriwang ay binati at tinanggap sa hukbong bayan ang mga indibidwal na nagpasyang sumapi sa NPA.

Samantala, nagkaroon ng mga lihim na pagtitipon ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran para magpugay sa mga namartir na kasapi ng NPA. Muling pinagtibay ang kanilang pagsuporta at pagtataguyod sa armadong rebolusyonaryong pakikibaka.

Nagbigay inspirasyon sa Pulang hukbo ang mga pagbati mula sa iba't ibang sektor at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa lokalidad. Pinataas nito ang kanilang determinasyon na abutin at organisahin ang mas malaking bilang ng mamamayan at magsagawa ng paparaming taktikal na opensiba para bigwasan ang AFP-PNP.

"Kailangang ipakita ng Hukbo na hindi ito takot para hindi rin matakot ang masa. Labanan natin ang mga kaaway at agawan sila ng armas! Ito lang ang sagot sa pang-aapi at pagpapahirap ng kaaway sa masa," mensahe ni Ka Castro, Pulang mandirigma ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro.

"Inaakala ng kaaway na sa paggamit ng walang pilì at walang habas na pagbomba ng FA50, pagkanyon ng *howitzer*, pag-istraping ng Black Hawk *helicopter* at paggamit ng mga *attack drone* ay mahihintakutan at mapipipilan ang hukbong bayan. Walang saysay ang mga modernong sandatang ito. Sa kahuli-hulihan, ang lakas ng mamamayan ang mananaig dahil makatarungan ang rebolusyong isinusulong ng Partido at Hukbo," pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa TK. K

# Ang papel ng US sa likod ng pumutok na gera sa Ukraine

Noong Pebrero 24, tuluyang nauwi sa gera ang walang tigil na pang-uupat ng imperyalismong US at North Atlantic Treaty Organization (NATO) sa Silangang Europa. Inatake ng Russia ang Ukraine sa balangkas ng deklarasyon ni Russian President Vladimir Putin ng "espesyal na operasyong militar" sa Ukraine para linisin ito sa mga *neo*-Nazi na kinakatawan ng gubyernong Zelensky na marahas na umaatake sa mga mamamayan ng Donbas.




**Pagpapalawak ng US at NATO sa Silangang Europa**

Ang paglusob ng Russia sa Ukraine ang di-naiwasang kinahinatnan ng matagalang pangingialam ng US at NATO sa Silangang Europa. Matapos ang Kasunduang Minsk noong 1991 na nagbuwag sa rebisyunistang Soviet Union at Warsaw Pact, mutwal na nagkasundo ang Russia at mga Kanluraning bansa na hindi magpalawak ng impluwensiya ang NATO sa rehiyon at hindi ipaloob sa NATO ang mga dating kasapi ng Warsaw Pact na nasa hangganan ng Russia bilang garantiya ng mutwal na seguridad ng mga hangganan.

Sinuway ng US at NATO ang laman ng kasunduang Minsk. Sinalakay at pinagwatak-watak ng US at NATO ang Yugoslavia at nagpalawak pasilangan ang NATO sa pamamagitan ng pagpapaloob sa alyansang militar sa mga bansang dating kasapi ng Warsaw Pact hanggang sa mga dating republika ng Unyon Sobyet na nasa tarangkahan ng Russia.

Nagpalawak ang US-NATO sa mga bansang nakapalibot sa Russia mula 2014-2020. Ipinaloob sa NATO ang Estonia, Latvia, Lithuania, Poland, Slovakia, Czech Republic, Hungary, Romania at Bulgaria. Nagdeploy ng *ballistic missile defense system* sa Deveselu Airbase sa Romania kung saan aabot sa 200 pwersa militar ng US ang nag-oopereyt dito. May apat namang *multinational battlegroups* o 4,500 pwersa ang NATO sa Estonia, Latvia, Lithuania at Poland mula pa 2017.

Sinulsulan ng US ang mga pag-aaklas sa mga bansang kahanggan ng Russia upang sipain ang mga rebisyunistang rehimen sa mga bansang dating kasapi ng Warsaw Pact, itambol ang nilikhang multo ng pagiging banta ng Russia para tuluy-tuloy na magbenta ng armas, magpasok ng kapital at magtayo ng mga rehimeng maka-US at NATO. Ganito ang nangyari sa Ukraine, kung saan iniluklok ang isang papet na gubyerno matapos ang kudeta ng Nationalist Socialists of Ukraine na pinondohan ng US noong 2014.

Mahalagang posisyon ang Ukraine sa plano ng US na palibutan ng *intermediate range ballistic missile* ang karibal nitong Russia. Katunayan, nagbuhos ang US ng higit $4 bilyong ayudang militar sa Ukraine mula 1991. Nakatakdang umigting ang panunulsol ng US sa ilalim ni Biden na nangakong titriplehin ang ayudang militar sa bansa tungong $1.2 bilyon ngayong taon. Nag-uudyok ang US ng gera para magbenta ng labis na mga armas-pandigma at isalba ang sarili mula sa pagkalugi sa dekadang gera nito sa Afghanistan.

**Pagsiklab ng gera sa Ukraine**

Sa ilalim ng maka-US na gubyernong Zelensky ng Ukraine, umigting ang panunupil sa loob ng bansa at pananalakay sa mamamayang Russian lalo sa rehiyon ng Donbas. Pinalalabas ng gubyernong Ukraine na terorista ang nagdedepensang mamamayan ng Donbas para bigyang-matwid ang henosidyo at lansakang paglabag sa karapatang tao.

Itinulak nito ang mamamayan sa Donetsk at Luhansk na armadong labanan ang gubyernong Ukraine. Humingi sila ng tulong sa Russia laban sa pananalakay ng hukbong Ukraine. Bandang 2014, itinayo ang nagsasariling republika sa Donetsk at Luhansk. Nagkasundo naman ang Ukraine, Russia, Germany at France na kilalanin ang Donbas bilang awtonomong rehiyon sa ilalim ng Ukraine sa Kasunduang Minsk II noong 2015.

Mistulang isinulat sa hangin ang mga kasunduan dahil nagpatuloy ang pang-aatake sa Donbas ng hukbong Ukraine. Nanawagan ang Russia at mamamayan ng Donbas ng negosasyon at pagtataguyod sa mga kasunduang Minsk II ngunit nagbingi-bingihan ang papet na gubyernong Ukraine. Sa sulsol at suporta ng US, nagtambak ng armas at pwersang militar na magagamit sa panunupil sa Donetsk at Luhansk. Hangad ng US na galitin ang

Russia at lumikha ng kondisyon para sa gera.

Sinagot ng Russia ang pagbabakod ng US ng pagpapakat ng sariling pwersang militar sa hangganan nito sa Ukraine noong Marso 2021. Bukod dito, nagpasok ang Russia ng mga tropa nito sa Mariupol na nasa timog silangan ng Ukraine at karatig ng Donetsk; at sa Odessa na nasa timog kanlurang bahagi. Umabot sa Transnistria ang mga pwersang Russian sa Odessa. Nitong Pebrero, bago ang paglusob sa Ukraine, kinilala ng Russia bilang nagsasariling mga republika ang mga nagsasariling gubyerno sa Donetsk at Luhansk at nagpadala ang Russia ng suportang militar na tinawag nitong "pwersang tagapamayapa."

Inililingid ng Kanluraning masmidya ang konteksto ng pagsuporta ng Russia sa pakikibaka ng mamamayan ng Donbas para sa sariling pagpapasya alinsunod sa pakana ng US na ilarawan ang Russia bilang isang mapandigma at mapanalakay na bansa. Pamamaraan ito upang isandal sa pader ang Russia na hadlang sa pamamayagpag ng pang-ekonomikong interes ng US.

**Gera para sa rekurso at merkado**

Bagama't nangunguna ang US sa negosyo sa petrolyo sa kabuuan, ilang mga bansa sa Europe ang nagnanais na bumili sa Russia dahil sa mas murang presyo ng mga produktong petrolyo at *natural gas* nito kumpara sa US. Aabot sa 40% ng suplay ng enerhiya sa EU ang nagmumula at nakaasa sa Russia.

Gamit ang NATO, hinadlangan ng US ang operasyon ng Russia ng *natural gas pipeline* na Nord Stream 2. Ang Nord Stream 2 ay isang daluyan ng *natural gas* na may kakayahang magkarga ng dalawang beses ng kasalukuyang suplay nito mula Russia tungong Germany, France, Italy at iba pang bansa sa Kanlurang Europa. Pinipilit at pinepresyur ng US ang mga bansa sa EU na paboran ang negosyo nito sa langis, na mas mahal, kaysa sa Russia. Itinutulak din ng US ang mga alyado nito sa NATO na suportahan ang *proxy war* nito sa Ukraine at ang mga ipinataw na ekonomikong sangsyon laban sa Russia.

Ang pagkahayok ng US na magpasimula ng gera ay hindi mapigilan dahil sa papalalang krisis na dinaranas nito. Kailangan nito ng mga gera upang kumita at makabawi ang sariling industriyang militar. Kapalit nito, 10 milyong mamamayan ng Ukraine ang nadisloka habang apat na milyon ang napilitang lumikas. Libu-libo nang mga sibilyan ang namatay bunsod ng matinding labanan. Higit lamang nitong itinutulak ang mamamayan ng daigdig na mag-aklas at lumaban upang ibagsak ang imperyalismo.

*BANTAY KARAPATAN*

# 16 aktibista, biktima ng panibagong *crackdown* ng AFP-PNP sa Timog Katagalugan

Kinundena ng Defend-Southern Tagalog ang sunud-sunod na pang-aatake sa mga aktibista sa rehiyon. Anila, patuloy na naghahasik ng teror ang PNP-AFP at NTF-ELCAC sa CALABARZON sa pamamagitan ng pataksil at iligal na pang-aaresto sa mga aktibista, magsasaka at katutubo.

**Cavite.** Noong Marso 10, dinukot ng PNP Regional Office 4A si Jonathan Mercado, tagapagsalita ng Teatro Kabataan Mula sa Nayon at *regional organizer* ng Anakpawis, habang nakikipagkonsultahan sa mga magsasaka sa Silang. Napilitang ilitaw ng PNP-Silang si Mercado bunga ng pangangalampag ng kanilang mga kaanak at mga demokratikong organisasyon. Tumagal nang dalawang araw bago siya pinalaya.

Makalipas ang ilang oras, nireyd ng PNP-Bacoor ang Sityo Silangan at Talaba 7, Bacoor sa tabing ng "gera kontra-droga." Naiulat na sugatan sa reyd sina Charlie Aquino, Richard Felipe at Johnmelda Lucernas habang binugbog si Joel Salabanya, bise presidente ng Anakpawis Partylist-Cavite at pinaputukan ang kanyang asawa. Inaresto din ang 10 boluntir ng kampanyang Makabayan for Leni-Kiko. Pinakawalan sila ng PNP matapos ipaglaban ng mamamayang Kabitenyo ang kanilang paglaya.

Naganap ang insidente ilang araw matapos i-*redtag* ni Sen. Panfilo Lacson at Cong. Crispin Remulla ang mga dumalo sa raling Leni-Kiko sa Cavite.

**Rizal.** Dinukot at dinala sa kampo ng mga elemento ng 80th IBPA si Rene Villarama, isang katutubong Dumagat na taga-Brgy. Puray, Rodriguez noong Marso 23. Wala pang nakukuhang dagdag na ulat sa kanyang kalagayan. Ipinahayag ng kanyang mga kababaryo ang kanilang pagkabahala at takot sa paninibasib ng 80th IBPA sa kanilang barangay.

**Quezon.** Dinakip ng pinagsanib na pwersa ng AFP-PNP, si Carlo Reduta, organisador ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin Quezon (CLAIM)-Quezon noong Marso 18 ng gabi sa Brgy. Cawayan, Gumaca. Naganap ito habang nakikipagkonsultahan si Reduta sa mga magsasaka ng Quezon kaugnay sa kanilang mga karaingan sa pandemya at *coco levy fund*. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong *murder*, *frustrated murder* at Section 4 ng Anti-Terror Law. Hinaras at sinindak din ng mga elemento ng AFP-PNP ang pamilya ni Reduta na nananawagan ng kanyang paglaya.

Ngayong buwan, naiulat ding hinaharas at minamanmanan ng PNP-Quezon si Felizardo Repaso, coordinator ng Anakpawis-Quezon at CLAIM-Quezon.

**Laguna.** Noong Marso 9, hinaras ng mga pulis na nakadamit-sibilyan si Anakpawis-Laguna Coordinator Red Clado sa kanyang tahanan. Ipinagpipilitan ng mga berdugo na isang mataas na opisyal ng PKP-BHB si Clado, tinatakot at pinepresyur siyang tumigil sa pagkilos.


Nanawagan ang Defend-ST sa mamamayan sa rehiyon na maging alerto sa susunod na bugso ng atake at maging masigasig sa pagtatanggol sa karapatang tao. Kasabay nito, isakdal at papanagutin ang berdugong AFP-PNP at rehimeng Duterte.

BALITA

# Pulang Saludo: Mga Martir sa Timog Katagalugan sa Panahon ng Pasistang Rehimeng US-Duterte, inilabas ng KARED-TK

Inihahandog ng Kagawaran sa Edukasyon-Timog Katagalugan (KARED-TK) ang Pulang Saludo: Mga Martir sa Timog Katagalugan sa Panahon ng Pasistang Rehimeng US-Duterte na inilathala sa pagsalubong sa ika-53 anibersaryo ng BHB at sa huling taon ng paghahari ni Duterte. Sa librong ito, binibigyan ng pinakamataas na pagpupugay at pagdakila ang mga kasama at masang nagbuwis ng buhay para sa ating dakilang simulain mula nang maluklok si Duterte sa estado poder noong Hunyo 2016.

Ayon sa KARED-TK, "ninanais ng librong ito na magsilbing inspirasyon at mahalawan ng aral ang bawat karanasan ng mga Pulang kumander at mandirigma, mga opisyal at karaniwang kasapi ng Partido na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay. Iniaalay natin ang pinakamataas na pagkilala sa mga sakripisyo at ambag ng mga martir ng rebolusyong Pilipino para sa katuparan ng pambansa-demokratiko at sosyalistang aspirasyon ng sambayanan. Patuloy nating inaapirma ang kahalagahan ng armadong pakikibaka at digmang bayan para tapatan ang marahas at mabangis na kontra-rebolusyonaryong digma ng kaaway, ng estado at ng imperyalismo sa gitna ng banta ng pagpapatuloy ng tiranya ni Duterte o panunumbalik ng anak ng ibinagsak na diktador na si Ferdinand Marcos Sr."




Bukas sa mga karagdagang impormasyon na maiaambag ng mga kasama at mga mambabasa ang librong ito. Gayundin, sa pamamagitan ng pag-aambag ng mga impormasyon, rebolusyonaryong talambuhay at mga litrato ng mga dakilang martir, inaasahan din ang higit na pagpapayaman ng isa pang malaking proyekto ng rehiyon na libro ng Pulang Saludo, isang buong galeriya ng mga martir ng rebolusyon sa rehiyon mula nang itatag ito.

Maaaring makakuha ng kopya nito at magsumite ng mga impormasyon at kontribusyon sa pinakamalapit na himpilan ng BHB-TK, sa *website* na balikwastk.wordpress.com o mag-*email* sa st.kalatas@gmail.com at dagundong.tk@gmail.com. K

KULTURA

# Kayo pa ang terorista?

*ni Kevin Cedrick "Ka Facio / Lucio" Castro**

kayong inilulubog sa kumunoy ng kahirapan
nag-aalburuto na ang sikmura dulot ng kagutuman
ang iniinom ay latak na tira ng mayayaman
pinipilit ng sistemang yakapin ang kasalatan
kayo na nga ang kinakawawa
kayo pa ang terorista?

kayong naghahangad lamang ng magandang kinabukasan
minumutawi sa labi ang kabuluhan ng kalayaan
ibinabandera sa lansangan ang batayang karapatan
isinusulong ang kapakanan ng aping sambayanan
kayo na nga ang puno ng pag-asa
kayo pa ang terorista?

kayong kumakalinga sa pinagsasamantalahan
mga magsasaka'y tinatanggap sa loob ng tahanan
mga katutubo'y kinakanlong ng buong pamantasan
mga manggagawa'y sinasamahan sa piketlayn ng paglaban
kayo na nga ang umaaruga
kayo pa ang terorista?

kayong pinatitikim ng latay ng karahasan
tinotortyur habang pinagtatawanan ng estadong kawatan
dinaranas ang impyerno sa kamay ng kasundaluhan
hinuhukayan na ng berdugo ng sa iyo'y paglilibingan
kayo na nga ang pinapatay
kayo pa ang terorista?

kayong ang buhay na nagisnan ay maluwag na tinalikdan
nagpunyaging maging gerilyang binabaka ang kamatayan
naghaharing-uri'y kinatakutan ang sandatang hinawakan
na yayanig sa kaharian ng tiranikong kinasusuklaman
kayo ay 'di pangkaraniwan
sa mata ng masa, kayo'y hindi terorista!

** Si Ka Facio ay isang mabait, matalino at masayahing kabataan mula sa Malolos, Bulacan. Namulat siya sa loob ng pamantasan at kumilos sa hanay ng mga kabataang estudyante. Sa proseso ng kanyang pagkilos, nabatid niyang hindi sapat ang parlamentaryong pakikibaka para baguhin ang lipunan kaya't nagpasyang sumapi sa BHB noong Disyembre 2016. Isinulat niya ang tulang "Kayo pa ang terorista?" noong Setyembre 20, 2021 sa piling ng mga magsasaka sa Hilagang Quezon.*

*Namatay si Ka Facio sa edad na 28 sa isang labanan noong Pebrero 21 sa Brgy. Binibitinan, Polilio, Quezon, bandang 11:20 ng tanghali. Sa kanyang pagkamartir, ginawaran siya ng pinakamataas na Pulang saludo ng Partido at BHB sa TK.* K